SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 22, 2024, LUNES, IKA-9:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
RELEASED
NAME
DATE 01/29/24
TIME
STA. CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | .. | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

SANGGUNIANG BAYAN
RECEIVED
By:
Date: 26 JAN 2024
Santa Cruz, Laguna

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President<br>nasa lakad-opisyal |

**KAPASIYAHAN BLG. 044-T2024**

**KAPASIYAHANG PINALALAWIG HANGGANG SA PEBRERO 24, 2024 ANG PAGBABAYAD NG LISENSYA AT PERMISO SA PAGNENEGOSYO NANG WALANG REKARGO O MULTA.**

**SAPAGKAT,** nasasaad sa Seksyon 167 Tsapter 3 ng Ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na ang lahat ng lokal na buwis, butaw at singilin ay dapat bayaran sa nilolooban ng unang 20 araw ng Enero .....;

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Pambayang Administrador sa atas ng Kagalang-galang Punong Bayan Edgar S. San Luis na mapalawig ang pagbabayad ng lisensya at permiso sa pagnenegosyo hanggang sa Pebrero 24, ng taong ito nang walang rekargo o multa dahilan sa marami pang mangangalakal sa bayang ito ang humihiling na bigyan pa sila ng sapat na panahon upang makaipon at makabayad ng permiso at lisensya sa pagnenegosyo.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Kautusan at Batas), na pinangalawahan ng lahat na mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Palawigin hanggang sa Pebrero 24, 2024 ang pagbabayad ng lisensya at permiso sa pagnenegosyo nang walang rekargo o multa.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Linsensya at Permiso, Pambayang Tagatuos, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 22, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan